

1

“Excuse me, please... Thanks!”

Napaatras si Gavin at muntik nang may matamaang kung sino sa gilid niya. Nang makarating ang elevator sa fifteenth floor ay tila basketbolistang nakipag-aagawan sa bola ang isang matangkad na babae upang makalabas. He recognized her as the one with metallic blue headphones. Tila may sariling mundo ito kanina ngunit alerto pala, at handang lumaban makauna lang sa paglabas ng elevator.

Narinig niya ang mahihinang reklamo ng ilang kasabay nila, ngunit bale-wala iyon sa babae. Tuloy ito sa paglabas. Tahimik na sumunod siya rito, naiiling. Maging sa paglalakad ay tila wala itong sinasanto. He studied her back, maganda ang pangangatawan nito at halatang sporty. Maganda rin ang posture ng estranghera, at maayos na nadadala ang simpleng checkered polo at dark slim jeans, at dark blue *Chuck Taylors*. Hindi na rin nito nahintay ang guard na nagkumahog pa mandin mula sa pagradyo sa kung sino, upang ipagbukas sana ito ng pinto.

Napansin niya ang malaking logo ng steel and glass double doors: *A-List Entertainment, Inc.* Doon

pa yata nagtatrabaho ang maangas na babaeng nakasabay niya sa elevator. Dumerecho na si Gavin sa pinto at binati ang guard na nakangiting ibinalik ang pagbati niya.

“On the way na daw po si Ma’am Sandy, na-traffic lang daw po galing sa paghahatid sa anak sa eskuwela,” pagbibigay-alam nito habang itinutulak niya pabukas ang pinto.

Pagpasok sa reception area ay kaagad siyang inasikaso ng dalawang staff. Sinabi ng mga ito sa kanya ang bilin ni Sandy na dumerecho na siya sa boardroom. Binagtas niya ang spacious na pasilyo patungo roon. Sa mga dingding ay nakasabit ang framed posters ng mga concerts, stage musicals at fashion events na hinawakan ng *A-List*. Natuwa siya dahil classy at edgy ang design at layout ng mga iyon.

Gavin thought he made the right decision for choosing the *A-List* team to manage his showbiz career. Sa lahat kasi ng lumapit sa kanya na talent management agencies ay ito ang may pinakamaayos na reputasyon. Hindi rin siya hinainan ng mga ito ng nakasisilaw na offers at privileges. Sa halip ay hinayaan siya sa gusto niya, that is, that he would only do at most two projects within the one year that he was signed on as a talent. After all, may purpose

siya kung bakit kahit walang kahilig-hilig ay pinasok niya ang pag-aartista.

He took a step back as he studied one concert poster na tila may optical illusion sa design. Then, as he was about to turn to his left and resume walking, something solid yet surprisingly soft collided into him.

Pagtingin niya ay nakayuko at napamura ang nakabangga niya, na walang iba kundi ang maliksing babaeng nakasabay niya sa elevator. Hinihilot nito ang balikat habang inaayos ng isang kamay ang headphones na nawala sa puwesto.

“Bakit ba ang daming tatanga-tanga o wala sa sarili ngayong araw na ito? Perwisyo talaga,” bulong nito.

Nagsalubong ang mga kilay ng binata, ngunit pinanatiling tikom ang bibig. Hinawakan niya ang headset nito at inayos iyon sa puwesto. Noon ito nagtaas ng tingin, at naningkit ang bilugang mga mata.

“Ingat naman sa susunod, Pare,” tila asar pa ring sabi nito bago walang paalam na nilayasan na siya.

Napanganga lang si Gavin bago naiiling na ipinagpatuloy na ang paglalakad patungo sa

boardroom.

Huwag sana niyang makaengkuwentro ulit ang babaeng iyon at ayaw niyang magkaroon ng stress sa bagong mundong pinasok niya.

Dior stretched her arms and yawned. Pasado alas siete na ng gabi at isang oras na siyang nag-o-overtime. Itinutok niya ang inis sa kanyang trabaho dahil hindi naging maganda ang umpisa ng araw niya.

Umaga pa lang kasi ay tinawagan na siya ng collecting agent para sa real estate developer ng maliit na townhouse unit na nire-rent to own niya. Ten years to pay iyon at kada suweldo ay naka-auto-debit sa bank. Kanina ay sinisingil siya ng bayad para sa dalawang buwan, iyon pala ay may sira sa auto-debit system ng mga ito. Sa madaling salita, hindi kasalanan ni Dior. Antipatika at medyo bastos pa ang agent, kaya naman kahit di niya gawain ay sumugod muna siya sa opisina ng mga ito at nagreklamo.

Iyon ang dahilan kung bakit mainit ang ulo niya pagpunta sa *A-List* office nang araw na iyon. Nadagdag pa roon ang tila napuruhan niyang balikang bumangga siya kay Gavin Tenorio, na kahit

ang guwapo at ang bango ay mukhang ewan naman sa pagka-amaze sa isang poster nila. He was sweet enough to think of fixing her headphones, ngunit hindi man lang ito nag-sorry.

On second thought, hindi yata niya ito nabigyan ng chance na mag-sorry.

Napabuntong-hininga ang dalaga. Noon niya napansing umiilaw ang kanyang cellphone. There's a text from Sandy. Pumunta raw siya sa opisina nito at may mahalaga silang pag-uusapan.

Mabilis na iniligpit niya ang mga gamit, ini-off ang computer at dali-daling isinukbit ang bag habang naglalakad patungo sa opisina nito sa kabilang pasilyo. Naabutan niyang suot ni Sandy ang reading glasses nito at nakatutok sa laptop. Hawak din nito ang hard copy ng TV concept niya, at kasalukuyang nangungunot ang noo.

Bumilis ang tibok ng puso niya. "Yes, Ate Sandy?" Naupo siya sa isang silya sa harap nito.

"Diorella..." She smiled weakly. Mukhang may bumabagabag dito. "Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa. I actually found an opportunity to pitch and market your script to *NVA-8*, just as you wanted." Ang tinutukoy nito ay isang TV network giant. "It's going

to be a little risky and difficult, dahil sa mismong programming VP's ko talaga balak ilapit....”

“Talaga? Wow!” excited na sagot niya. But then she remembered the weariness on her boss' face. “I hear a but...?”

“There is no ‘but’ this time. But an offer. An ex-deal. Ayoko sanang gawin ito, pero kailangan.” Sandy crossed her fingers. “May gusto sana akong ibigay na trabaho muna sa iyo, six months at the most. During that time, you're free to work on polishing your script sa tuwing may libreng oras ka. At sa loob ng panahong iyon ay gagawin ko rin ang lahat ng makakaya ko para mabigyan ng green light itong concept mo.”

Doon na talaga kinabahan si Dior. “Anong trabaho?”

“I really wish I don't have to do this, but you're the only person I know who can do a fine job.” Huminga nang malalim ang kanyang kausap. “I said, and you agreed that we'll both make sure this project gets a go, right?”

Kahit na may kutob na siya ay nagulat pa rin si Dior sa ipinapakiusap na pansamantalang trabaho sa

kanya. At iyon ay walang iba kundi si Gavin Tenorio. She was being assigned the job of being his personal assistant. Ibi-brief din niya ang lalaki sa mga ins and outs, sa masasaya at maging sa masasamang aspeto ng pagiging artista.

She's not just going to be the personal assistant, but bodyguard and sort of advisor/consultant as well, dahil matagal na rin ang exposure niya sa industriya.

Dahil bago pa si Gavin at walang masyadong muwang sa showbiz, Sandy thought it would be best to have someone like her to assist him. Nakiusap din di-umano ang bagong artista na kung maaari ay iyong puwede rin nitong ikonsiderang confidante, hindi madaling ma-intimidate, maliksi at walang ibang talent na hinahawakan ang ibigay na PA rito, habang nag-a-adjust pa ito sa mundong pinasukan.

Mula sa pagiging head PR writer tuloy ng *A-List* ay sort of demoted siya at magiging PA. Pero sa ngayon ay wala siyang pagpipilian kundi tanggapin ang deal na inihain ng kanyang boss. All for the love of her longtime dream, all to get that elusive chance for a big break.

Kaya heto ngayon si Dior at nakamasid sa papalapit na bagong talent nilang sa halip na ginagawan niya ng bonggang PR ay nakatakdang

i-assist niya sa isang photo shoot at meeting sa isang stylist. Kadarating pa lang nito sa isang café sa Ortigas na malapit sa studio na pupuntahan nila.

“Diorella Andres. I assume alam mo na kung bakit ako narito. And you can call me ‘Dior’. Diorella is too formal.” Iniabot kaagad niya ang kamay nang tuluyang makalapit ito sa puwesto niya.

He took her hand and firmly shook it. “Gavin Tenorio.”

His hand was warm, rough and felt surprisingly good to touch. “So, ako ang ini-request mong PA kay Miss Sandy.” Binawi ng dalaga ang kamay. Tiningnan niya ito nang derecho, hinuhuli kung tama ba ang hinalang ni-request nito kay Sandy na siya ang kuning PA dahil sa naging engkuwentro nila sa hallway ng *A-List*.

Nangunot ang noo nito. “I didn’t request for you. I gave her specifics, kung ano ang gusto at kailangan ko.”

Tumango lang siya. “Oh, okay.” Mukhang nagsasabi naman ng totoo ang lalaki.

“All right, before you tell me our agenda for today, puwede bang maglahad muna ako ng ilang rules?” tanong ng binata sa tonong tila sanay na itong

nagbibigay ng rules.

“Shoot!” She sipped her green tea shake.

“This whole showbiz thing, being an actor, I mean, is just a side job. Kaya minsan ay may ilang adjustments sa schedule ko na puwedeng may notification ka in advance at maaari ding last minute. Pero huwag kang mag-alala, sa loob ng at most six months ay itong pelikula ang priority ko.” He drummed his fingers on the table.

“I value time. At gusto ko, walang nasasayang na oras o opportunity. Ayoko ng nale-late. Kung may problema ka sa pagko-commute o sa ruta mo kapag nagda-drive, I can provide you with a car and a driver,” patuloy ni Gavin.

Huh? Napamata siya rito.

“Or I can pick you up... saan ka nakatira?” tanong nito, as if an afterthought.

“Sa Marikina,” sagot ni Dior.

“Cool, I think I can arrange for a driver. Anyway, ayoko rin ng tatamad-tamad. Kaya kung addict ka sa *Facebook*, *Twitter* o *Candy Crush*, puwedeng bawasan mo muna dahil ayokong nagre-report ka sa akin nang puyat at inaantok?”

Pati talaga Candy Crush? Hinintay niya ang susunod na sasabihin nito. He may sound arrogant but he did sound good. Ang sarap kasing pakinggan ng boses nito.

“Okay lang sa akin ang matanong, pero ayoko ng tsismosa.” He raised a brow at her.

“Hindi mo magiging problema sa akin iyan,” tugon ni Dior sa kalmadong tinig, pero ang totoo ay nagsisimula na siyang maasar kay Gavin. *Ang yabang lang!*

Bahagyang napatango ito. “Lastly, I do not tolerate stupidity.”

Is he trying to intimidate me? “Oh, don’t worry. Me too.”

His brows furrowed. “And since you’re doing this fine act of nonchalant na parang minu-minuto ng buhay mo ay nagpi-PA ka sa mga baguhan at walang alam sa showbiz tulad ko, then I expect that the last thing I said is pretty self-explanatory, right?” Inilapit nito ang mukha sa kanya.

Hindi inaasahan iyon ni Dior, ang sinabi nitong tahasang pagpuna at pag-e-expose ng akala niya ay pantapat sa tila paninindak ng lalaki, at ang paglapit ng mukha nito sa kanya. Napakurap siya. “Right.”

Hindi niya inaasahan ang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Lumapit lang si Gavin ay tila bumibilis na ang pagtibok ng puso niya. What was she thinking, anyway? This man was just trying to make a point. Pero hindi naman niya lubusang maalis ang tingin sa mga mata ng binata.

But that didn't change the fact he just showed her—he was a domineering, bratty prick. *Demanding!*

“So, we're meeting a photographer and a stylist?” Tiningnan nito ang pagkain niya. “Tapusin mo muna iyan, but don't take too long.”

Tumango ang dalaga bago sinimulang kainin ang kanyang muffin.

This was going to be the longest six months of her life. Ever.

2

Napapailing si Gavin sa kanyang sarili. Kasasabi lang niya nang nagdaang araw na sana ay hindi niya muling makaengkuwentro ang bugnuting babaeng ito dahil ayaw niya ng dagdag na stress. Metikuloso at may pagkaistrikto siya sa kanyang business, ngunit hindi niya ugaling isangkot ang emosyon doon. Not unlike this woman who obviously didn't do well in keeping her personal issues separate from her work.

Hindi niya alam kung bakit tila may sama ng loob o galit ito sa kanya. Napuruhan ba niya talaga ang balikat nito nang mabangga niya nang nagdaang araw?

“Kumusta ang balikat mo?” tanong ni Gavin rito.

“Huh?” takang tanong ni Dior, natigil sa pagnguya ng malaking muffin.

“Yang balikat mo, hindi ba nabangga ko kahapon? I saw you massaging it, does it still hurt?”

Bahagya siyang dumukwang at hinawakan ang balikat nito. He was just going to check for some tender or sore spot, instead his hand encountered an unexpected softness. Ang hindi niya maunawaan ay

kung bakit tila nagugustuhan niya ang kaalamang iyon. *Damn!*

“Oh...” tila naintindihan na ng dalaga ang tanong niya. “Okay na. Malakas lang ang impact kahapon pero ayos na, ni wala ngang pasa o maga.”

Tumango siya bago binawi ang kamay. “That’s good to know. How about your headphones? Hindi ba nasira?”

“Aayos pa din. Walang sira.” She sipped her drink. “Bakit mo naitanong? Papalitan mo?”

He smiled a bit. “Kung nasira ko, papalitan ko.” Sumandal siya sa kinauupuan at minasdan ito. She actually looked quite pretty.

Kaya lang ay para lagi itong naghahamon kung makatingin.

He wondered if she’s really like that, or if it’s some sort of defense mechanism. Bakit ba parang ang dami niyang gustong malaman ngayon tungkol sa babaeng ito?

“Well, I’ll keep that in mind next time,” sagot nito.

“Nagkakilala na ba tayo dati? Saang school? Naging empleyado ba kita na hindi nagustuhan ang palakad ko? Nagkairingan ba tayo sa daan?”

Natapakan ko ba ang paa mo habang nakapila sa ATM?” hindi makatiis na sunud-sunod na tanong ni Gavin.

“No to all your questions. Bakit pinapaulanan mo ako ng mga weird na tanong?” At may gana pa itong magmukhang nagtataka o nalilito.

“Because you seem to hate me or not like me that much. Hindi mo siguro narinig ang pag-sorry ko dahil nabangga kita kahapon, then I am sorry.” Alangang ngumiti siya rito.

Napatanga si Dior sa kanya, halatang hindi nito inaasahan ang mga pinagsasabi niya. Ilang saglit lang ay nakita niya ang unti-unting pamumula nito. Kitang-kita iyon dahil medyo maputi ang babae. Bahagya ring napaawang ang bibig nito na parang may gustong sabihin.

“Kung may pinagdadaan ka, pag-usapan natin. Kung ayaw mong i-share, fine. Pero ayokong maging dahilan iyon para maging distracted ka sa trabaho mo at maging masungit sa akin,” dere-derechong sabi ng binata bago napabuntong-hininga. “Mahirap kasi iyong magkakasama tayo na may angst ka na hindi ko maintindihan. If you are in any way forced to do this job, then you can just tell me. Or I will tell Sandy to replace you,” patuloy niya.

“You cannot replace me...” mahinang sabi nito.

“Then okay lang sa iyo na makatrabaho ako?” Hindi mapigilang magduda ni Gavin. Something must be up with this woman.

“Okay lang sa akin...” napabuntong-hiningang turan ni Dior. “Look, I’m sorry, okay? Hindi maganda ang naging simula natin. Aaminin ko na bad mood talaga ako kahapon at...” Tila nag-isip ito saglit bago nagpatuloy, “Nadala ko pa iyon hanggang sa ngayon. I realize that it is starting to affect how I perform so promise, kakalimutan ko na iyon.”

“You shouldn’t even go to bed angry,” wika niya. Unti-unting tila nawawala ang frustration na nararamdaman niya kanina. Napalitan iyon ng relief na hindi naman pala talaga siya ang may sala kung bakit hindi maganda ang naging trato sa kanya ng babae.

“Oo na.” Itinaas nito ang dalawang kamay. “Tama ka na. I’m sorry din.”

Wala gaanong makapang sinseridad si Gavin sa paghinggi nito ng paumanhin, ngunit sa kabila niyon ay parang kontento na siya sa nakikitang tila pag-concede nito. Nagtataka ang binata, bakit ba tila ginugulo ng babaeng ito ang focus niya?

Iyon ang dapat niyang gawin, ang mag-focus sa trabaho. At sa mga plano niya. Makikilala rin siya ng leading lady niya in two weeks' time, pagbalik nito mula sa kung anong promo tour sa Amerika. Hindi na makahintay si Gavin.

He couldn't wait to see Karina again.

Nang sa wakas ay i-announce ng official style photographer ng *A-List* na si Kristine na tapos na ang photo session ay kitang-kita ni Dior ang relief sa mukha ni Gavin.

“Wala ka yatang bad angle, Gavin. That’s rare. Ang kinukuha ko na lang ay iyong pinakamaganda o kakaibang anggulo mo.” Nakangiting nakipagkamay si Kristine sa binata na noon ay minamasahe ang leeg.

“Pero nangawit muna ang leeg ko bago nalaman iyan,” nangingiwing sagot nito na ikinatawa lang ng photographer.

“Well, kailangan talagang mahirapan muna. There is no easy way to anything. No pain, no gain,” anang babae habang inaalis ang lente ng camera.

“How true.” Tiningnan siya ni Gavin. “I totally understand the painful part.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Dior. Kailangan talagang tumingin ito sa gawi niya at ipaalala iyon? Napahiya na nga siya rito kanina. Hindi niya inaasahang magiging ganoon ito kadirekta sa kanya. Bagaman hindi brutal ang pagkaprangka nito at madiplomasya nitong in-address not to mention in-expose ang issues niya, pakiramdam pa rin niya ay sinasadya siyang inisin ng lalaki.

O marahil ay nasaling lang ang pride niya at hindi niya iyon matanggap.

“Dapat yata lagi akong may dalang plantsa para dito...”

Bago pa siya nakaiwas ay nakalapit na ang lalaki sa kanya. He raised a hand to her face and then placed his thumb in between her eyes. Marahang hinagod at ‘pinlantsa’ nito ang nangungunot niyang noo.

The gesture felt good she immediately relaxed. Pero kasabay niyon ang tila pagpapapansin ng puso niya, na nag-accelerate ang pagtibok.

Gustong mapamura ni Dior. Kanina pa may kung anong pinupukaw sa kanya ang lalaking ito. She might be attracted, pero alam niya kung paano maging detached sa umpisa pa lang. Hindi advisable ang magkaroon siya ng involvement sa kahit sinong

nasa parehong industriya.

Lalo na sa mga katulad ni Gavin na halata namang may ibubuga, at tila sigurado na ang pagsikat. The way he stood near her and traced the furrowed lines on her forehead with his finger, was rather... intimate. At hindi niya dapat hinahayaan ang mga ganoon. Kahit pa ba nagustuhan niya ang ginawa nito.

At unti-unti ring binubura niyon ang mga nauna niyang impresyon sa binata. May pagkaprangka at bossy man ito ay tila alam naman kung kailan at kung paano bumawi.

The gesture was rather sweet. Especially with the way he was looking at her.

“You actually look pretty when you’re not trying to scare me,” nakangiting sabi ni Gavin.

“Well, thanks,” nasabi na lang niya bago dinampot ang bag at isinukbit iyon sa balikat. “Let’s go. Hinihintay na tayo ni Joey,” tukoy ni Dior sa stylist nila.

Nagpaalam na sila kay Kristine pati sa ibang tao na nasa studio bago lumabas. Ang sumunod na pinuntahan nila ay ang styling department ng isang kilalang publisher ng mga fashion and beauty magazines.

Naabutan nila roon ang isang matangkad na babaeng nakatayo sa tabi ng clothes rack at namimili ng kung ano bago napatingin sa gawi nila at nakangiting sinalubong sila.

“Tamang-tama ang dating ninyo. Kadarating lang ng bagong collection ng *Alpha Male*,” tukoy nito sa isang international clothing brand na may mga sangay rin sa bansa. “I’m Joey Uysieng.” Iniabot nito ang kamay kay Gavin.

“Gavin Tenorio,” sagot nito bago nagpahila kay Joey sa isang swivel chair na nasa harap ng isang malaking salamin at pinaupo roon. Joey stood behind him and studied his face. Hinawakan nito ang buhok ng binata at tila pinag-iisipan kung aalisin ang ponytail. “Kung puwede sanang huwag na lang galawin ang buhok ko?” tila nag-aalalang sabi nito, nakatingin sa stylist. “Huwag gugupitan o kukulayan...”

“Oh no, hindi ito gagalawin. You’ll need this kind of hair for your brooding, passionate journalist role.” Ngumiti ang babae. “Iniisip ko lang kung anong ayos pa ang puwedeng gawin dito depende sa mga ipapasuot ko sa iyo.”

Nakahinga naman nang maluwag ang bagong artista.

“Bakit hindi puwedeng galawin? May powers ba ang hair mo? Samson, ikaw ba iyan?” hindi mapigilang tanong ni Dior habang nakatayo sa tabi ni Joey.

“I just want it this way.” Ngumiti si Gavin, mukhang walang balak patulan ang pang-aasar niya.

“Okay...” Tumango si Joey. “I’m sure you will still look devastatingly handsome with a cleaner cut, but this hair adds to your charm.” Tinapik nito si Gavin sa balikat. “Stand up.”

Kaagad namang tumayo ang lalaki, hinintay ang susunod na gagawin o ipagagawa ng stylist. He eyed the clothes rack.

Pilyang nginitian ito ng babae. “Maghubad ka na.”

Gulat na napatingin dito si Gavin.

“What? Hindi mo maisusuot iyong ibang damit kung di ka maghuhubad,” nakangising sabi nito.

Naningkit ang mga mata ng binata. “How about a dressing area?”

“This is the dressing area, mayroon ding maliit na space behind the curtains... over there.” Itinuro ni Joey ang isang sulok.

“Iyon ay kung gusto mong matagalan tayo. I think we have about ten ensembles here that Joey has to go over.” Lumapit si Dior sa binata at hinawakan ang polo nito. She had done this thing way too many times with their talents kapag understaffed sila during events at wala namang kaso iyon, walang malisya.

Hinawakan ni Gavin ang kamay niya. “What are you doing?”

Tinaasan niya ito ng kilay. “I’m taking your clothes off.” Hinila ng dalaga ang kamay mula rito.

“Don’t worry, Gavin, walang hidden camera dito at walang magaganap na scandal na kakalat sa Internet. At iyang si Dior, hayaan mo iyan. Sanay na siya ng may hinuhubaran at binibihisan,” Joey giggled.

“It’s not that. I mean...” Gavin sighed. “Seryoso, marami ka nang hinubaran at binihisan?”

Binanggit ni Dior ang pangalan ng mga talents ng *A-List*. Muli niyang hinawakan ang damit ng binata bago hinila ito palapit sa clothes rack.

“Fine,” resigned na wika ng artista. “Bahala na kayo.” Nailing na tiningnan siya nito.

She just raised a brow at him before he placed

her palms flat on his chest. His skin underneath felt warm.

And just like that, it felt as if a million electrodes rushed through her. Tila bigla siyang na-conscious sa ginagawa.

Magkaka-arrhythmia ako sa lalaking ito! Itinuloy niya ang ginagawa. Sanay na si Dior sa gawaing ito, expert na siya, at wala pang isang minuto ay maaalis na niya ang lahat ng butones ng polong suot nito. But why on earth did it feel like she's taking forever to do so?

She was suddenly so aware of her raging heartbeat, the blood rushing through her veins, the knots slowly forming in her stomach.

And his heavenly, manly scent, his nearness, his breath on her forehead...

Lumayo siya nang bahagya at pumuwesto sa gilid nito habang kinakalma ang sarili. Hindi alam ni Dior kung ano ang nangyayari sa kanya. Pero alam niyang ang kaunting paglayo ng dalaga ay nakatulong upang umayos ang nawiwindang niyang sistema.

Breathing deeply, and trying to ignore the fact that before her was rippling muscles and his lean, sexy frame, she slid his shirt off his body with an

almost flourish.

“Naks, expert nga,” komento ni Gavin. Napatingin dito ang dalaga. Hindi ito mukhang nag-aasar... mas mukha pa ngang... nabibighani sa kanya.

What the...? Ano ba ang nangyayari sa kanya?

“Alam mo bang wala pang thirty seconds iyon? Amazing!” He smiled.

Kinuha niya ang isang long-sleeved T-shirt at scarf na una sa mga naka-hanger sa rack. Walang kibong itinaas niya ang dalawang kamay ng binata at sinimulang isuot dito ang T-shirt.

Nang madikit ang mga kamay ni Dior sa balat ni Gavin habang hinihila pababa ang T-shirt ay nagbanta na namang mag-amok ang puso niya. But one deep breath and she’s able to calm her senses.

Gavin may be drop-dead and good-looking, but he’s not really her type. Isa pa ay hindi niya gusto ang ugali nito. Kaya ano ang mayroon at nagkakaganoon siya?

Nang maiayos na ang T-shirt ay isinunod ng dalaga ang scarf, para magawa iyong mailagay nang maayos ay kailangan niyang mas lumapit dito. With bated breath and a firmer, tougher resolve, she almost

wrapped her arms around his neck and shoulders as she secured the scarf into place.

Tiningala niya ang binata. Napasinghap siya dahil nakatingin ito sa kanya at tila kanina pa siya pinapanood. He was so near she could smell his breath that smelled of minty chocolate, and feel his warmth that seemed to draw her nearer.

Hindi niya maiwasang mapalunok. At nakita iyon ni Gavin. It brought a mysterious half-smile to his face.

3

Sorry for the late reply. Maayos naman akong nakauwi. Thanks.

Ganoon kasimple ang text ni Dior, hindi pa-cute, hindi maemosyon, at lalong hindi jejemon. Gavin replied with. *“Okay, good. See you at the storycon.”* Inisip pa niya kung lalagyan niya ng smiley, nasanay kasi siya sa ibang babaeng ka-text gaya ng nakababatang kapatid at mga pinsan na maglagay ng emoticon sa mga mensahe niya.

But this is Dior Andres, your PA who doesn't seem even the least bit thrilled to work for you for some reasons... Kinonsidera niya ang sinabing iyon ng kung munting boses sa kanyang utak bago pinindot ang 'Send' minus the smiley.

Kailangang magkaayos at magkasundo sila ni Dior. Hindi tamang hahayaan niyang ganoon ang trato ng babae sa kanya. Kailangang mahuli ng binata ang loob nito dahil ayaw niya ng dagdag na stress. His reason for suddenly pursuing an acting career, although temporary, was stressful enough. Hindi siya artista, walang-wala siya ni katiting na acting experience. Electronics and Communications

Engineering ang natapos ng lalaki at may MBA rin siya. Systems design and development ang kanyang business.

Hindi panonood ng TV o pelikula ang hilig niyang gawin during his spare time kundi ang pagpunta kung saan-saan, whether by land, air or water. Mahilig din si Gavin sa soccer. The only showbiz-related inclination he had was his love for music. Subok lang at kabadong-kabado siya nang mag-audition. He drew emotion from his favorite songs and his determination to make it. Marahil ay nakatulong iyon upang mabigyan niya ng wastong damdamin ang mga linyang ipinabasa at eksenang ipinagawa sa kanya, kaya pumasa siya.

It was pure luck, plus the fact that the director told him he's got the exact look they wanted for the male lead in the film. Masayang-masaya siya noong makuha ang role ng magiging leading man ng bidang babae sa isang malaking romantic comedy project ng isa sa pinakamalalaking film outfit sa bansa, ang *ANZ Films*. At pagbibidahan iyon ng isa sa mga pinakamaganda, pinakamagaling at pinakasikat na aktres sa bansa—si Karina Aldeguer. She happened to be the same person he first declared his love to.

Siguro ay hindi kapani-paniwala iyon para sa

ibang tao. Paano nga naman patuloy na mamahalin ang isang taong iniwan ka pitong taon na ang nakararaan para sa kanyang mga pangarap? Karina's family was already well-off even then, ngunit hilig talaga nito ang pag-aartista. Suportado naman ni Gavin.

Pero iyon mismo ang naging tingin nito sa kanya noon, isang malaking hadlang. At twenty then and being an up-and-coming actress, she told him it was also her job to be single and desirable. Hindi di-umano magiging marketable ang dalaga kung malalaman ng publiko na may boyfriend na ito. That time, they have been officially going steady for three years.

The day she said goodbye because she wanted a career more than to keep him was the darkest day of his life. Hindi man lang ito personal na nakipag-usap sa kanya upang tapusin ang kanilang relasyon. May nagdala lang sa bahay nila ng isang kahon na naglalaman ng lahat ng ibinigay niya rito, na tila ayaw na ni Karina na may makita pang anumang may kaugnayan sa kanya.

It had been seven years since. Gavin got a scholarship to study and work abroad. He dated around. Nagsumikap din siya at ngayon ay may isa nang malaking negosyo. Masasabing fulfilled at

kontento na siya sa buhay.

At hindi gaya noong dati na bata pa siya at walang laban at maipagmamalaki sa isang gaya ni Karina, he now had every means to do as he pleases.

Kasama na roon ang pagbalik sa buhay ng dating nobya.

Ngayon ay nasa iisang mundo na sila. He wondered if Karina would see him differently now. Sa loob ng nakalipas na taon ay nasubaybayan niya kahit papaano ang showbiz career nito. Walang nabalitang naging boyfriend ang babae, bagaman natsitsismis sa isang aktor sa kalabang network na palagi naman nitong itinatangi.

And he was hoping that meant he still had a chance. Huwag lang talagang kokontra ang mataray na PA niya.

Nasa hallway sila patungo sa boardroom ng ANZ *Films*, kung saan may gaganaping story conference kasama ang writers at direktor ng *Roman Holiday* adaptation na ang magiging title ay *The Runaway Princess*.

“How long have you been in the business?”

tanong ni Gavin habang patuloy sila sa paglalakad.

Tiningnan ito ni Dior, hindi niya inaasahang magtatanong ang binata tungkol sa buhay niya. Kita sa guwapong mukha nito ang paghihintay sa isasagot niya at ang hindi maitatagong interes.

“Almost eight years na, at sa *A-List* din ako nag-practicum noong college. Multimedia Arts major ako. But I have gone through a lot of different work for them. Bago ako naging PR head, naging assistant muna ako ng stylists, PA din minsan at body double kung kinakailangan,” sagot ng dalaga.

“Wow, that’s cool! Sabi nga ni Sandy, ikaw daw ang pinakamatagal na nagtatrabaho sa kanya, at parang right-hand niya aside from doing PR work,” may paghanga sa boses na sabi nito.

Napatingin siya sa kausap. “Understaffed kasi kami ngayon dahil lahat ng PA, madalas ay tatlo o apat na talent ang hawak, rotation lang. Temporary lang naman ako sa iyo. After the film, balik na ako sa dati at bibigyan ka na siguro ng ibang assistant.”

Tumango ito. “Yes, I figured that out. Kaya sana, sa loob ng panahong magkakatrabaho tayo, let’s try and be more considerate and patient with each other, hmm?”

Sa pagkagulat niya ay pinisil ng lalaki ang baba niya bago kaagad din iyong binitawan. “Fine,” naisagot na lang ni Dior at pinanlakihan ito ng mga mata.

Natawa lang ito bago nailing na ipinagbukas siya ng pinto. “After you.”

Saglit siyang napahinto sa pagpasok nang matapat at mapalapit rito. They were so close she could breathe in his lovely, clean scent. She quickly shook her head and looked around. Malawak ang lugar na sakop ng boardroom. Kaagad niyang nakitang nakaupo roon ang direktor na si Aimee Castro katabi ang isang assistant nito, mga producers at apat pang katao na marahil ay mga scriptwriters.

“That look on your face... puwede bang bawasan mo iyon?” narinig ni Dior na sabi ni Gavin sa tabi niya habang nakatingin din sa grupo.

“What look on my face?” kunwa ay takang tanong niya, bagaman alam niya kung ano iyon. Kaya lang ay hindi rin niya inaasahang mapapansin iyon ng binata at talagang ipo-point out pa, doon mismo habang naroon sila sa lugar kung saan gaganapin ang meeting. Hindi ba ito makahintay?

“That look na parang duda ka sa ginagawa at

maaaring gawin ng isang tao, na parang wala kang katiwa-tiwala at sa isip mo ay tahasan mo na silang hinuhusgahan. That haughty, condescending look that seems to say you know so much and they don't. Therefore, they're lesser mortals that you have no choice but to put up with," dere-derechong sabi nito sa mahinahong boses, ngunit may emphasis naman sa bawat salita.

Napanganga lang siya sa binata. Mind reader ba ito? Psychiatrist? "That's not exactly true," pagdedeny ni Dior. Then again, hindi rin siya magaling magsinungaling.

"Bago tayo pumunta doon, let's have a deal," sabi ni Gavin, hinawakan ang mukha niya at iniharap iyon dito.

She felt her heart do a somersault when their eyes met. Parang napakasuyo kasi ng pagkakahawak ng lalaki sa mukha niya. *What on earth...?* Pinalis niya ang kamay nitong nakahawak sa gilid ng kanyang mukha. "What deal?" *Hay, ilang deal pa ba ang kailangan niya?*

"You will be civil with me, and with every person we will work with for the next months. Kailangan ding makita ko na mas maging mabait at matiwala sa mga tao, lalo na kung wala naman silang personal

issue laban sa iyo. Magiging honest ka sa akin at sasabihin mo kung may problema.” He held out his right hand.

“You know, the next months won’t be easy, especially for me. I am new in this thing. Pero ikaw, mas madami ka nang exposure at mas malawak na ang alam mo, na inaasahan kong mas mahaba sana ang pasensya mo. Otherwise, I will tell Sandy to replace you. Fair enough?”

Matamang minasdan ni Dior ang binata. His soulful eyes had that look of solid determination that he’s up to something, and he would never let anything get in his way.

Hindi siya nito basta sinasalungat kundi ipinapaalam lamang ni Gavin kung ano siya sa tingin nito. And despite what he had pointed out, tila may assurance pa rin ang pagsasalita nito na hindi naman siya ganoon kasama. Not at all.

And she liked it. Pati na ang deal na inilahad nito, na may sense naman para sa kanya. Hindi siya natural na submissive ngunit sa pagkakataong ito, pakiramdam ni Dior ay nasa tamang lugar siya sakaling makikiayon siya sa kagustuhan ng lalaking ito.

“Deal.” Tinanggap niya ang kamay nito.

His handshake was firm, and he looked straight into her eyes as he held her hand in his. Then he let her go.

“Thank you, Dior. I really appreciate this. It means so much to me.”

“Minsan lang magbigay ng one-on-one acting workshops si Direk Aimee. Usually, it’s in groups of four to eight, but almost never with one person. Sa tingin ko, may nakita siyang malupit na potential sa iyo at gusto niyang lalong i-enhance iyon.”

Napangiti si Gavin sa sinabi ni Dior. Tatlong araw pa lang ang nakalilipas simula nang masinsinan niya itong kausapin tungkol sa attitude problem nito, ngunit nakikita na niya ang effort ng dalagang ayusin ang sarili. Nagtanung-tanong siya kay Sandy at sa ibang mga taga-*A-List* tungkol sa kanyang PA at nalaman niyang may pagkaterorista nga ito.

She was strict and could be a bit harsh with her words, at no-nonsense din ito. Nadala raw kasi ito sa mga direktor, writers at producers noon na kung utus-utusan at i-bully ito ay ganoon na lang. Ayaw ng babaeng napipintasan ang kahit gaano kaliit na

ginawa dahil naniniwala itong gaano man kasimple ay pinaghirapan naman nito ang mga iyon. Through the years, she had learned to fight and stand for herself against directors from hell, but she became one hellish person to work with also.

Maayos na magtrabaho si Dior at sinisigurong walang maipipintas ang kahit na sino. Iyon daw siguro ang dahilan kung bakit mataray at medyo mahilig itong manindak. After all, marami na itong alam at malawak na rin ang karanasan sa showbiz.

“First time ko sa isang acting workshop. Sana nga may mapigang talent sa akin si Direk,” mapagkumbabang sabi ni Gavin.

“Aw, don’t be so modest about it.” Ikinumpas ng babae ang kamay. “Nakita ko ang audition video mo. Magaling ka, sa galing mo ngang bigyan ng tamang emosyon at ma-deliver nang ayos ang mga lines, nagawa mong maging convincing kahit pa ang corny at cliché ng mga pinagsasabi mo.”

Natawa siya sa sinabi ng PA. “That’s an inspiring compliment, coming from you.” He reached for her arm and squeezed it. “Thank you.”

Nagulat naman ito sa ginawa niya at ilang sandaling napatingin sa kanya. Tumaas lang ang

isang kilay ng binata, pero hindi pa rin pinawalan ang braso ng dalaga.

Her skin felt good to the touch. Who would have thought he would encounter such softness in that cold, almost steely facade?

“Hindi naman ako maramot sa compliment. Tsaka magaling ka naman talaga.” She pulled her arm from his grip. May kinuha ito sa dalang messenger bag; isang pakete iyon ng lozenges. “O, eto. Para ma-soothe ang throat mo. Siguradong mamalatin ka mamaya dahil kung anu-ano ang ipagagawa at ipapasabi sa iyo ni Direk.”

Kinuha niya ang pakete at sinipat-sipat iyon. “Salamat.”

“It’s my job.”

“Then thank you for doing your job.”

Nagkibit-balikat lang ang babae bago niyaya si Gavin na maupo habang hinihintay ang direktor. Gaganapin ang workshop sa isang auditorium sa loob ng *NVA-8* compound. *NVA-8* was a sister company of *ANZ Films* at karamihan sa pre- at post-production work para sa pelikula ay doon din ginagawa.

“Maganda ang acoustics dito at maririnig mo nang

maayos ang sarili mo, at mabuti iyon para masanay ka ding i-modulate ang boses mo kung kinakailangan sa eksena, or during dubbing if required.” Naunang maglakad si Dior at dere-derechong nagtungo sa front row. “Nasa compound na si Direk at may dadaanan lang daw na slides sa library.”

Tumango ang binata habang pinapanood ang mabilisang pag-iinspeksyon ni Dior ng lugar gamit ang mga mata. He was amazed by her alertness and multi-tasking skills. Habang inililigid kasi nito ang tingin sa paligid ay hawak din nito ang cellphone at ini-spray-an ng disinfectant ang uupuan nila. “Para sigurado.” She gave just the slightest smile.

Gusto sana ni Gavin na purihin ang ngiti nito dahil gumaganda itong lalo, but decided against it. Ngayon pa lang ito bumabait uli sa kanya at ayaw niyang ma-spoil iyon by saying something that might just trigger a biting remark from her. “Can I sit now?” tanong niya.

“Sure.” Tumango ang babae at tumabi sa kanya nang makaupo na siya. “Four sessions lang ang workshop. Three hours kada session. You will simply be taught how to not be conscious in front of the camera no matter what you’re told to do. Sa next session, ang pagiging in character naman ang

hahasain sa iyo. Ideally, once you're on the set, dapat kalimutan mo nang si Gavin ka. Dapat ikaw na iyong character na ipo-portray mo.”

Tumangu-tango siya. Nag-e-enjoy siyang pakinggan ang boses nitong medyo mababa. “How about the other sessions?”

“Third session might be about some action sequences in the film. 'Yung pag-project, blocking at kung anu-ano pa. The last session will be about chemistry, how to handle intimate scenes para maging kapani-paniwala sa manonood. Baka nga maging two-part iyon. Minsan kasi, iyon ang mahirap ituro. Proximity between two people almost always bring discomfort, especially for actors, hindi tuloy nila nailalabas ang tamang emosyon. 'Tapos, may kissing scene pa or intimate 'yung eksena. Pati pag-project, paano mo igagalaw o ipoposisyon ang katawan mo, ituturo iyon.” Ngumiti ang dalaga.

“Nakakatawa naman na ang mga bagay gaya ng kissing o love scenes ay ituturo pa...” Tiningnan niya si Dior. “Iba talaga kapag may camera sa paligid, hindi ba?”

“Oo, gan'un talaga. Mukha lang effortless sa big screen, but there can be so much work involved in a ten-second kiss.” Tumayo ito at lumapit sa gilid ng

stage kung saan naroon ang air-con. Umakyat ito sa ilang wooden boxes na ginagamit marahil na props upang maabot ang controls.

What the...! Tumayo si Gavin at sinundan ito. *Why can't this woman just ask me to do it for her?* “Hey, ako na diyan!” aniya at tinapik ito sa hita.

Nagulat ito sa ginawa niya at napalingon. Her movement must have been too swift she lost her balance and slipped. Mabuti na lang at mabilis ang reflexes niya; nasalo niya ang babae.

She felt so soft and fragile in his arms. Ibinaba niya ito at tinulungang makatayo, ngunit hindi niya kaagad binitawan. He held her firmly, his arms snaked around her waist. Ilang sandaling naghinang ang mga mata nila. Tila kapwa sila nawalan ng kakayahang magsalita, at ang gusto lang gawin ay tingnan ang mukha ng isa't isa na sa mga sandaling iyon ay kay lapit na.

Kung hindi pa niya naramdaman ang pagkapit nito sa kanyang braso upang mas maayos na makakuha ng balanse ay hindi maaalala ng binata kung ano ang dapat niyang sabihin.

“Tingnan mo muna sana kung steady ba ang tatayuan mo. Look at this.” Sinipa ni Gavin ang tila

kahoy na kahon na tinuntungan ni Dior and it easily gave way. Just as he suspected, collapsible iyon at hindi maayos ang pagkakalapat nang iligpit. Kapag matindi ang pressure ng pagkakatatapak ay bibigay iyon.

“Paano mo nalamang bibigay iyan?” Medyo nanginginig pa ito dahil sa di-inaasahang pagbagsak.

“Medyo slant kasi ’yung isang gilid, hindi pantay. Parang ’yung collapsible crate sa bahay na ginagamit naming hamper.” He tiptoed and reached for the air-con controls. “Okay na ba ang ganito?”

Tumango si Dior. “Okay na.” Tumingala ito at sinalubong ang kanyang mga mata. “Salamat. Kung nagkataong hindi mo ako nasalo ay magkaka-sprain pala ako o mababalian ng balakang.” Bumuntong-hininga ang dalaga. “I would hate that, magiging limitado ang galaw ko.”

Napakurap siya. Their faces were just inches away, and he was holding her this close. So close he could breathe in the nice, fruity scent of her hair.

Close enough to kiss her. He swallowed when he saw her slowly parted lips, seemingly inviting him to draw nearer.

“Gavin?” narinig niyang tawag nito sa kanya.

Stealing Hearts - Sachi Bliss

That woke him up. He was ready to drown in those soulful round eyes, and maybe, possibly take her lovely mouth in his and see if they taste as good as they looked. *Damn!*

What is happening to me? Ilang beses napakurap ang binata. Tila blurry ang paningin niya. Takang nakatingin pa rin sa kanya si Dior, parang may gustong itanong.

Then he saw her cheeks, they were slowly turning into this lovely shade of pink.

Maingat itong kumawala mula sa pagkakayakap niya. “Baka parating na si Direk,” mahinang sabi nito bago tuluyang lumayo sa kanya at bumalik na sa kinauupuan nila kanina.

Sinundan niya ito ng tingin. The self-assured, feisty Dior suddenly lost her wits, somehow. While he was caught wanting to kiss her.

Napailing si Gavin. hindi niya dapat hinahayaan ang sariling mag-isip ng ganoon.

Ilang araw na lang ay muli na silang magkikita ni Karina. Hindi siya dapat na nadi-distract ng kanyang may pagka-weird pero maganda at interesting na PA.